# Tagapagtayo ng Plantsa

Isang uri ng trabaho kung saan gumagawa ng pangunahing gawain sa lugar ng konstruksiyon tulad ng pagpapatag ng lupa at pagbubuo ng rebar. Naglalapat din ng plantsa na ginagamit ng mga trabahador para magawa ang trabaho sa mataas na lugar at ginagamit rin na imbakan ng mga mabibigat na materyales na gagamitin sa konstruksiyon.



## Panayam kay Ginoong Kazuo Oishi, Tagapangulo ng Shizuoka-ken Tobikōgyō Rengōkai




## Gawain ng tagapagtayo ng plantsa

### Benepisyo ng trabaho

Maaaring paiba-iba ang trabaho ayon sa kailangan ng proyekto, ngunit ang tagapagtayo ng plantsa ay kailangang kailangan sa lugar ng konstruksiyon dahil ang plantsa ang unang itinatayo at huling kinakalas kapag nagtatayo ng bahay o gusali.

Nararamdaman ang tagumpay sa trabaho kapag nakalas na ang plantsa at nakita ang kinalabasan ng itinayong gusali.

### Mga taong angkop sa trabahong ito

Mga taong mahilig magtrabaho sa labas.
Mga taong may pagkukusa at gustong gumagalaw sa trabaho.
Mga taong mausisa at parating nag-iisip ng paraan para gawin ang isang bagay.

### Para maging isang tagapagtayo ng plantsa

Walang kaugnayan sa pinag-aralan.
Pumasok at magtrabaho sa kumpanya na nagtatayo ng plantsa at palawakin ang kaalaman sa trabaho.
May mga taong mabilis natuto na nagsarili na pagkaraan ng 5 taon.
(Upang sariling makakuha ng kontrata ng trabaho, kinakailangan ang sertipikasyon na "tagapamunong trabahador" atbp.)



Pagtatayo ng plantsa na tumutulong sa konstruksiyon ng gusali.



Ang pagkakaroon ng ligtas na plantsa ay mahalaga sa lugar ng konstruksiyon.

### Naaangkop ba ang trabaho sa mga takot sa mataas na lugar?

Ang trabaho sa pagtatayo ng plantsa ay kailangang umakyat sa mataas na lugar. Ngunit masasanay naman sa kalaunan. Mayroon din namang trabaho na hindi kinakailangang umakyat kaya mas mainam na pumasok sa kumpanya kung saan maaari ninyong gawin ang ninanais na trabaho.

### Maaari bang magtrabaho kahit walang sertipikasyon?

Kapag nakakalap ng karansan at kumuha ng sertipikasyon bilang "tagapamunong trabahador" o "pambansang lisensya ng tagapagtayo ng plantsa", ipapagkatiwala ang maraming trabaho sa iyo.

### Ano ang maaari kong gawin sa ngayon?

Pinakamahalaga sa lugar ng konstruksiyon ang kaligtasan. Upang maiwasan ang panganib at aksidente sa lugar ng trabaho, mahalaga na magkaroon ng pagkakaunawaan at bukas na komunikasyon sa katrabaho. Kaya hangga't maaari mag-aral ng Nihongo.

**Message**

Ang tagapagtayo ng plantsa ay maraming pwedeng gawing trabaho bukod sa pagbubuo ng plantsa. Mainam na tuklasin mo ang nais mong gawin. Lubhang mapanganib ang trabaho sa matataas na lugar at pagbubuhat ng mabibigat na bagay. Pag-aralang mabuti ang trabaho upang maging isang dalubhasa dito. Mayroon ng mga nagtratrabaho bilang tagapagtayo ng plantsa at walang kinalaman ang kanilang nasyonalidad. Maaaring tumanggap ng malaking sahod kahit bata pa lamang kapag nagsikap sa trabaho.

Kapag interesado sa trabahong ito

Telepono

Shizuoka-ken Tobikōgyō Rengōkai

Tel 054-202-2500